BC CANCER COLON SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Colonoscopy

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa colonoscopy

## Ano ang colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang procedure para makita ng isang colonoscopist ang panloob na lining ng rectum at colon gamit ang isang special instrument na tinatawag na colonoscope.

Ang colonoscope ay isang flexible tube na may miniature camera na nakakabit sa isang dulo nito upang ang colonoscopist ay makakuha ng mga retrato at video ng iyong colon. Sa isang colonoscopy, maaaring kumuha ng tissue samples at maaaring magtanggal ng polyps.

Ang procedure ay isasagawa ng isang colonoscopist (doktor na nag-train upang magsagawa ng colonoscopy) at karaniwan itong inaabot nang 20 hanggang 45 minuto.

Masusi kang susubaybayan bago, habang, at pagkatapos ng procedure.

## Bago isagawa ang colonoscopy

- Asahang magtagal sa ospital nang dalawa hanggang tatlong oras.
- Hihilingin kang magpalit upang magsuot ng isang gown.
- Isusulat ng isang nurse ang iyong admission history at kukunan ka niya ng vital signs.
- Hihilingin kang magbigay ng listahan ng iyong mga gamot.
- Sisimulan ng isang nurse ang isang intravenous (IV) upang bigyan ka ng sedation at gamot sa kirot.

## Ano ang nangyayari kapag ginagawa ang colonoscopy?

- Magpapasok ang isang colonoscopist ng colonoscope sa rectum at itutulak niya ito sa kahabaan ng colon o bituka.
- Magpapasok ng hangin sa colonoscope upang i-expand ang colon nang mas makita ito. Normal lamang ang makaramdam ng kaunting pressure o cramps habang ginagawa ang procedure.
- Ang images ng lining ng rectum at colon ay ipapadala sa isang video monitor kung saan titingnan ito ng colonoscopist kung mayroon anumang bagay na hindi karaniwang nakikita, tulad ng isang polyp. Ang polyp ay isang tumutubong tissue na lumalabas sa dingding ng bituka.
- Ang polyps ay maaaring lumaki nang dahan-dahan at ang ilan ay maaaring maging cancerous. Maaaring kailangang kumuha ng sample (biopsy) o tanggalin ang polyp (polypectomy). Hindi ito masakit.
- Pagkatapos ay ipinapadala ang biopsy o polyp sa lab para sa analysis.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ng colonoscopy?

- Dapat may kasama kang adult pauwi sa bahay. Hindi ka maaaring magmaneho hanggang sa susunod na araw.
- Maaaring antukin ka pagdating mo sa bahay pagkatapos ng procedure. Inirerekomenda na hindi ka magpaandar ng equipment, pumirma ng mga legal na dokumento, o uminom ng alak o cerveza hanggang sa susunod na araw.
- Maaari mong ipagpatuloy ang iyong regular diet at mga gamot pagkatapos ng iyong colonoscopy, maliban kung iba ang iniutos sa iyo ng health care team sa iyong komunidad.
- Dahil sa hangin na nasa loob ng iyong colon, maaaring makaramdam ka ng kabag at/o cramping pagkatapos ng procedure. Mahalaga ang mag-relax at na ilabas mo ang hangin sa lalong madaling panahon. Kung lumalala ang di magandang pakiramdam na ito, o kung hindi ito nawawala, magpunta sa emergency department at sabihin sa kanila na ginawan ka ng colonoscopy.

## Ano ang dapat ko malaman tungkol sa mga resulta ng aking colonoscopy?

Bibigyan ka ng preliminary results bago ka umalis ng ospital. Pagkatapos, mga dalawang linggo pagkatapos ng iyong procedure, sasabihin sa iyo ng health care team sa iyong komunidad ang kompletong resulta at sasagutin nila ang iyong mga tanong sa gagawing follow-up call. Makukuha rin ng iyong doktor ang iyong mga resulta.

Kung normal ang iyong colonoscopy, titiyakin ng iyong family history kung kailan ang iyong susunod na screening. Sasabihin sa iyo ng health care team sa iyong komunidad kung kailan ang iyong susunod na petsa ng screening.

Kung hindi normal ang iyong colonoscopy, maaaring kailangang gumawa ng iba pang mga procedure o mas regular na pagpapatingin. Ipapaliwanag sa iyo ng health care team sa iyong komunidad o ng iyong doktor ang proseso para sa mga kasunod na appointment at mga susunod na gagawin.

## Sino ang dapat magpa-colonoscopy?

Ang colonoscopy ay inirerekomenda para sa mga indibidwal hanggang sa 74-taong-gulang (inclusive), kabilang na ang mga may:

- Abnormal na fecal immunochemical test (FIT) result; o kaya,
- Personal na kasaysayan ng mga adenoma. Ang mga adenoma ay isang uri ng precancerous polyp; o kaya,
- Isang first degree na kamag-anak (magulang, kapatid, o anak) na nadiyagnos ng colon cancer bago mag-60-taong-gulang; o kaya,*
- Dalawa o higit pang mga first degree na kamag-anak na nadiyagnos na mayroong colon cancer sa anumang edad.*

*Para sa mga táong may colon cancer sa pamilya, ang colonoscopy screening ay maaaring magsimula sa 40-taong-gulang, o 10 taóng mas maaga kaysa sa edad ng diyagnosis ng pinakabatang first degree relative na apektado – alinman ang mas maaga.

## Mayroon bang anumang mga panganib sa colonoscopy?

Tulad ng anumang medical procedure, mayroong maliit na tsansa na ang colonoscopy ay magkakaroon ng mga komplikasyon.

Humigit-kumulang sa 5/1,000 indibidwal ang magkakaroon ng malubhang komplikasyon. Kabilang sa mga komplikasyon ang isang reaksyon sa paghahanda ng tiyan, o gamot na ginamit para sa sedation, mga problema sa puso o baga, impeksyon, pagdurugo mula sa colon, at pagbutas ng colon (butas sa colon).

Kapag nagkaroon ng komplikasyon, maaaring kailanganin ng paggamot; kabilang dito ang antibiotics, blood transfusion (pagsasalin ng dugo), pagpapa-ospital, pag-ulit ng colonoscopy, o operasyon. Ang tsansa na maaaring mamatay mula sa colonoscopy ay wala pang 1/14,000. Mayroon ding risk na maaaring hindi makita ang isang malaking abnormality. Ito'y nangyayari sa wala pang 1/10 kaso.

Ang ilang mga kanser ay maaaring hindi magdulot kailanman ng anumang mga sintomas, o maaaring hindi nito kailanman maaapektohan ang life expectancy o kalidad ng buhay. Gayunman, ipinapakita ng research na ang karamihan ng colon cancers ay mapanganib at ang colon cancer ay dapat makita at gamutin sa lalong madaling panahon.

## Kontakin Kami

BC Cancer Colon Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-702-6566
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: www.screeningbc.ca/colon

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas.
Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca o kaya email: screening@bccancer.bc.ca).